

Bagong sistema ng Suporta para sa mga Bata



Kapag natanggap ang application form (“bagong patakaran sa pagtanggap ng sustento para sa mga bata) basahin mabuti at sagutan ang nakalakip na dokumento at ibalik.

Isang bagong sistema sa pagtanggap ng sustento sa pagpapalaki ng mga bata mula Oktubre, 2011 – Setyembre 2012 ang ipapatupad. May mga pagbabago sa sistema mula sa dating alituntuning sinusunod. Basahing mabuti ang mga nakasaad at sagutan ang mga katanungan at ibalik ang dokumento sa aming tanggapan.

● **Ang suporta para mga bata ay serbisyong tumutulong para makatapos sa middle school ang iyong anak pagdating sa edad na 15.**

1. **Mga nararapat tumanggap ng serbisyong ito:** Mga magulang na nagpapalaki ng mga anak para makatapos sa middle school education.
2. **Kailangang halaga:**

Edad	Oktubre,2011-Abril,2012	hanggang September,2011
3 taong gulang pababa	¥15,000 /anak	¥13,000/anak
3 taong gulang hanggang matapos ang primary school education(sa una at ikalawang anak)	¥10,000/anak	¥13,000/anak
3 taong gulang hanggang matapos ang primary school education(ikatlong anak)	¥15,000 /anak	¥13,000/anak
Kada anak sa middle school	¥10,000/anak	¥13,000/anak

* Pagturing sa anak bilang ikatlong anak ay base sa pagbilang sa mga anak na kapisan at may suportang pinansyal na wala pang 18 taong gulang (i.e.bago ang ika 31 ng Marso, wala pang 18 taong gulang) bilang unang anak.

3. **Limitasyon ng taunang kita para maging aplikante sa serbisyong allows → Wala**

4. **Mga pagbabago sa kondisyon ng pagbabayad:**

- ① Ang iyong anak ay nakatira sa Japan.
- ② Ang allows ay binibigay sa aplikante na nakatira kasama ng anak.
- ③ Kung ang iyong anak ay nakatira sa Children’s Home, ang allows ay binibigay sa namamahala sa Children’s Home (hindi sa inyo).
- ④ Mga gwardyan ng menor de edad at ang mga tinuturing na kanyang foster parents ay maaaring maging aplikante at makatanggap ng serbisyo gaya ng mga tunay na magulang
- ⑤ Bayarin sa mga nursery care facilities ay maaaring bayaran mula sa allows.

5. **Paano mag-aply:**

Para makatanggap ng serbisyong ito, kailangang magpasa ng nasagutang “newly recognized claim bill”. Sinumang kinikilala residente sa katapusan ng Setyembre at patuloy na maninirahan mula Oktubre, ay makakatanggap ng “the claim bill” mula sa munisipyo. Sagutan ang mga katanungan sa mga dokumento at ibalik agad sa tanggapan. Kung mayroong bagong ipinanganak na sanggol, gawin ang mga naunang hakbang para magamit ang serbisyo.

● **Para sa mga katanungan (sa telepono):**

Child-rearing Support Center ng Fujimino City	049-251-2711
Child-rearing Support Section of Welfare Dept ng Fujimino City	049-262-9033
Child Support Section ng Miyoshi Town	049-258-0019

www.ficec.jp/foreign/

● Opisina ng FICEC ay lumipat ng lokasyon. Makikita ang address sa huling pahina.

● **Talakayan Internasyonal sa Fujimi City**

Muling magkakaroon ng talakayang internasyonal ngayong taon. Sa talakayan, magkaroon sana ng mas malalim na ugnayan ang mga banyagang residente at mga residenteng nakatira sa ating komunidad.
 Kailan: Nobyembre 13 (Linggo) ika-12:00
 Saan: Fujimino exchange center sa Fujimi city
 Tema: 1:Karanasan at Talakayan
 2:Seremonya ng Tsaa
 3:Mga Pananalita mula sa mga banyaga
 Tel:049-251-2711 city hall's shiminsodanka dept.
 Maaring ipaalaga sa nursery ang maliit na bata

● **Bagong Health Insurance card**

Sa Oktubre 1, magkakaroon ng bagong National Health Insurance card. Ipadala ito sa ama ng tahanan at maaari ng gamitin mula Oktubre 1. Kapag hindi ito natanggap sa bahay, ito ay ibabalik sa tanggapan ng koreo. Mahalagang malaman kung natanggap ang bagong kard o hindi. Ang lumang kard ay wala ng bisa, kaya ikaw ay magbabayad ng buo sa singil ng duktur kung kinakailangan.

● **Para sa kaunlaran ng bayan...**

Makisaya sa international exchange event
Martes, Oktubre 25
Ika- 10:00n.u.

Ito ang ikalawang ebento sa apat na mga ebento ng ating center. Ang susunod ay tungkol sa batas trafiko. Makipag-ugnayan sa Tel. 2 5 6 – 4 2 9 0

● **Paano mapalago ang aking Nihonggo..** by Syu Ei, Chinese, at 16 years old

Nag-aaral ako ng Nihonggo sa maraming lugar gaya ng FICEC, sa Ohi Public Hall, sa Nishi Public Hall at sa Fujikubo Public Hall. Nanonood ako ng mga programa sa tv at iba iba ang aking paborito. Nanonood ako ng Japanese movies at anime sa Internet at nagbabasa ng Japanese manga. Naniniwala ako na kung may gusto kang makamit, gagawin mo ang lahat para matuto at mapalago ito. Para sa masayang pag-uusap sa aking mga kaibigang Hapones, gusto kong matuto ng mga bagong salita. Sa aking palagay, ito ang tanging paraan upang matutuhan ang lenguahe. Sana magkaroon ako ng maraming kaibigan dito sa Japan.

Maikling mensahe mula sa FICEC "Tanabata Festival"



▲Sa Agosto, Masaya ang Tanabata festival, isa sa pinakamatandang ebento ng mga Hapon. Mas arap kumain ng somen, isang uri ng Japanese noodles.

Libreng konsultasyon na may tagasalin sa tanggapan sa syudad.

Maaring magkunsulta sa sariling wika at may mamagitan tagasalin sa pamamagitan ng cellphone sa mga city hall.

- Sinimulan ito sa itinakdang sistema ng pagsasalin gamit ang cellphone sa mga bayan ng Higashimatsuyama, Warabi, Misato, Namegawa, at 10 lugar sa SaitamaCity. Ang lahat ay maaring gumamit ng serbisyo.
- Mga Lenguahe: Intsik, Ingles, Tagalog, Portuguese at Espanol.
- Ito ay libre.

www.ficec.jp/living/

● Tingnan din ang Info booklet para sa mapayapang pamumuhay sa Japan sa 6 na lenguahe